Para sa Iyong Pakikipagkita sa Manggagamot

Sagutin ang pahinang ito at dalhin sa susunod mong pakikipagkita sa manggagamot.

Mga bagay na dadalhin sa iyong pakikipagkita:

- **Planong gawin sa** hika – Maaring ang iyong manggagamot ay mangangailangang punan ang iyong planong gawin.
- **Mga panggamot sa hika** – Maaring dalhin ang iyong mga gamot ng nakasilid sa isang maliit na bag.
- **Kagamitan panghika –** dalhin ang ano mang peak flow meter, pang pagitan, nebulizer, at ano pa mang bagay na gamit sa pag-alaga sa iyong hika.
- **Ang pahinang ito** – Ito ay makakatulong sa manggagamot upang malaman kung ang kasalukuyang sinimulang plano ng paggamot ay nangangailangan ng pagbabago o pang-agapay.

Ilista ang mga katanungang nais mong isangguni o itanong sa iyong manggagamot dito:

1.
2.
3.

Katanungang dapat masagot bago ang pakikipagkita sa manggagamot (Itala sa ibaba kung ikaw ay may dalang bata na siyang makikipagkita at ang mga katanungan laan para sa kanila):

1. Makailang pagkakataon ng nakaranas ng sintomas nitong nakaraang linggo sa araw? Sa gabi?
2. Makailang araw na ang lumiban sa hindi pagpasok sa paaralan, tanggapan o sa pag-aalaga ng bata dahil sa iyong hika?
3. Ilang beses ka ng gumagamit ng pangmadaliang lunas na gamot sa bawat isang linggo?
4. Ilang beses ka nang napapunta ng biglaan sa ospital o pagamutan na pang emerhensya dahil sa hika simula pa noong huling pakikipagkita sa manggagamot?
5. Ilang beses ka nang nadala sa pagamutan ng dahil sa iyong hika magmula ng huling pakikipagkita sa manggagamot?
6. Nagkaroon na ba ng pagbabago sa iyong kapaligiran mula pa nuong huling pakikipagkita sa manggagamot?
7. Ano ang mga bagay sa iyong akala ang nakakapagpalala sa sintomas ng iyong hika?
8. Kung mayroon kang panukat ng daluyan ng hangin (peak flow meter), ano ang isinasaad ng metro sa umagang ito ng iyong pakikipagkita sa iyong manggagamot?

San Diego Regional Asthma Coalition

AMERICAN LUNG ASSOCIATION. of California

San Diego Childhood Asthma Initiative